Q1: (TAGALOG)

Katanungan:

“Dapat bang amyendahan ang Nirebisang Karta ng Lungsod para hilingin na magtalaga ang Konseho ng Lungsod, nang hindi naman isasabay ang pagtaas ng buwis ng mga lupain at gusali para pondohan ang layuning ito, ng kalahati ng isang porsiyento ng nakalkulang taunang kita mula sa buwis ng mga lupain at gusali ng Lungsod, na idedeposito sa Pondo sa Pagharap sa Hamon sa Klima, na ang layunin ay suportahan ang mga pagsisikap at proyekto upang bawasan ang epekto ng pagbabago ng klima, patatagin ang imprastraktura at komunidad ng Lungsod, at itaguyod ang mga mabubuting kaugalian?”

OO HINDI

Kasalukuyang Sitwasyon:

Kasalukuyang walang Climate Resiliency Fund. Ang pagpopondo upang suportahan ang mga inisyatiba at proyekto na naglalayong pagaanin ang mga epekto ng pagbabago ng klima, pagpapahusay ng katatagan ng mga imprastraktura at komunidad ng Lungsod, at pagtataguyod ng mga napapanatiling gawi ay kasalukuyang sinusuri at pinopondohan taun-taon ng Konseho ng Lungsod ng Honolulu sa pamamagitan man ng Executive Operating Budget o ng Executive Capitol Budget at Programa.

Kung Pumasa ang Panukala:

Lilikha ng Climate Resiliency Fund na tutustusan ang mga hakbang sa pag-iwas, pagpapanumbalik at pang-edukasyon na may kaugnayan sa pagbabago ng klima, at popondohan ng kalahati ng isang porsyento ng tinantyang taunang kita ng buwis sa real property ng Lungsod. Ang pariralang, "nang hindi kinakailangang sabay-sabay na taasan ang mga pagsingil ng buwis sa real property upang pondohan ang mga paglalaan," gayunpaman, ay hindi dapat pakahulugan upang limitahan ang kapangyarihan ng Konseho ng Lungsod ng Honolulu na taasan ang mga buwis sa real property sa parehong taon kung kailan pinopondohan nito ang Climate Resiliency Fund

Q2: (TAGALOG)

Katanungan:

“Dapat bang amyendahan ang Nirebisang Karta ng Lungsod para itakda ang Departamento ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya bilang bukod na ahensiya ng Ehekutibong Sangay ng Lungsod sa pamamagitan ng pagtatalaga sa Departamento ng Paghahanda at Pagresponde

sa Emerhensiya ng isang hiwalay na kabanata sa Karta ng Lungsod katulad ng mga kabanata na naitalaga para sa iba pang mga departamento ng Lungsod; upang ipakita na ang lahat ng posisyon sa Departamento ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya, kabilang ang kaniyang Direktor at Katulong na Direktor, ay sakop ng mga batas ng serbisyo sibil; at upang espesipikong banggitin ang mga minimum level ng kuwalipikasyon para sa posisyon ng serbisyo sibil ng Direktor ng Emergency Management, na may karagdagang minimum na kuwalipikasyon na matutukoy ayon sa mga batas ng serbisyo sibil?"

OO HINDI

Kasalukuyang Sitwasyon:

Ang Department of Emergency Management ("DEM") ng Lungsod (dating kilala bilang civil defense agency) ay kasalukuyang direktang nasa ilalim ng Office of the Managing Director, ngunit hindi itinalaga ang sarili nitong chapter sa ilalim ng Karta gaya ng ibang mga departamento ng Lungsod. Ang citizens advisory commission on civil defense ay isang hiwalay na ahensya na direktang nasa ilalim ng Office of the Managing Director.

Ang pagpili at pagpapanatili ng mga posisyon na DEM director at deputy director ay napapailalim sa civil service rules, iyon ay, sila ay napapailalim sa merit principle. Ang Department of Human Resources, na nangangasiwa sa programa ng serbisyong sibil ng Lungsod, ay nagpapataw ng mga minimum na kwalipikasyon para sa posisyon ng direktor ng DEM na naaayon sa prinsipyo ng merito. Itinakda ng Karta ang mga tungkulin ng DEM director ngunit hindi ang pinakamababang kwalipikasyon ng posisyon.

Kung Pumasa ang Panukala:

Ang Sangay na Tagapagpaganap ay muling isasaayos upang ang DEM ay maitatalaga ng sarili nitong kabanata sa ilalim ng Karta, tulad ng ibang mga departamento ng Lungsod, at ang komisyon sa pagpapayo ng mga mamamayan ay mapapaloob sa DEM. Ang mga pagbabagong ito ay hindi makakaapekto sa termino ng kasalukuyang DEM director na naglilingkod sa Enero 1, 2025.

Ang mga kaukulang pag-amyenda sa Karta ay isasabatas upang matiyak na ang mga posisyon ng direktor ng DEM at kahaliling direktor ay patuloy na sasailalim sa mga tuntunin sa serbisyo sibil. Sa partikular, ibubukod ng mga pagbabagong ito ang mga posisyon ng DEM director at deputy director mula sa awtoridad ng salary commission, na tumutukoy sa mga suweldo para sa mga department head at deputy head, at mula sa mga eksempsyon mula sa serbisyong sibil na nalalapat sa lahat ng iba pang independiyenteng mga direktor ng departamento at mga kahaliling direktor.

Susugan ng Karta rin upang linawin ang mga tungkulin ng direktor ng DEM at magdagdag ng iba pang mga tungkulin, kabilang ang pagpapatupad ng pagsasanay, ehersisyo, at mga programa sa

pampublikong impormasyon na may kaugnayan sa pamamahala sa emerhensiya. Sa pagwawakas, hayagang isasama ng Karta ang mga minimum na kwalipikasyon ng DHR para sa posisyon ng direktor ng DEM, at magpapataw ng karagdagang kinakailangan ng hindi bababa sa limang taon ng responsableng karanasang pang-administratibo sa pamamahala sa emerhensiya, pagpaplano ng sakuna, o pamamahala sa mga serbisyong pangkaligtasan ng publiko, na hindi bababa sa dalawang taon ay dapat kasama ang pangangasiwa sa pamamahala sa emerhensiya o mga aktibidad sa seguridad sa sariling bayan, o pareho.

Q3: (TAGALOG)

Katanungan:

"Dapat bang amyendahan ang Nirebisang Karta ng Lungsod para magtatag ng Komisyon ng Kaligtasan sa Karagatan upang repasuhin at gumawa ng mga rekomendasyon sa mga partikular na gawain ng Departamento ng Kaligtasan sa Karagatan at upang magtalaga ng Hepe ng Kaligtasan sa Karagatan?"

OO HINDI

Kasalukuyang Sitwasyon:

Alinsunod sa kanyang awtoridad sa ilalim ng Revised City Charter Seksyon 4-202, itinatag kamakailan ng alkalde ang departamento ng kaligtasan sa karagatan (“OSD”) bilang isang standalone na ahensya na independiyente sa departamento ng mga serbisyong pang-emergency kung saan ito napapabilang. Ang OSD ay pinamumunuan ng isang direktor ng kaligtasan sa karagatan na itinalaga at maaaring tanggalin ng alkalde.

Kung Pumasa ang Panukala:

Ang resolusyong ito ay mag-aamyenda sa Karta upang lumikha ng limang miyembro na komisyon sa kaligtasan ng karagatan sa loob ng OSD na magkakaroon ng awtoridad, bukod sa iba pang mga bagay-bagay, na gumawa ng mga rekomendasyon sa taunang budget ng OSD; suriin ang mga operasyon ng OSD at magrekumenda ng mga pagpapabuti; magsagawa ng mga taunang pagsusuri sa pagganap ng pinuno ng kaligtasan sa karagatan; dinggin ang mga reklamo ng mamamayan tungkol sa OSD o mga tauhan nito, at magrekumenda ng mga aksyong pagwawasto sa pinuno ng OSD; at magsumite ng taunang ulat sa alkalde at konseho sa mga aktibidad ng OSD.

Bilang karagdagan, ang titulo ng posisyon ng "direktor" ng OSD ay papalitan ng titulong, "hepe" ng OSD. Ang hepe ng OSD ay itatalaga ng komisyon sa kaligtasan ng karagatan at maaaring tanggalin lamang pagkatapos makatanggap ng mga dahilan para sa kanyang pagpapatanggal at

isang pagkakataon para sa isang pagdinig sa harap ng komisyon sa kaligtasan ng karagatan. Ang direktor ng OSD na itinalaga ng alkalde ay patuloy na hahawak sa posisyon sa Disyembre 31, 2024, at magpapatuloy na magsisilbing direktor ng OSD hanggang sa humirang ang komisyon sa kaligtasan ng karagatan ng bagong hepe.

Q4: (TAGALOG)

Katanungan:

"Dapat bang ang mga probisyon ng Nirebisang Charter ng Lungsod na may kaugnayan sa mga suweldo para sa mga Miyembro ng Konseho ay emyendahan upang limitahan ang anumang taunang pagtaas sa hindi hihigit sa limang porsiyento, mag-atas na ang anumang mga pagbabago ay maiugnay sa average na taunang mga pagbabago sa suweldo ng mga empleyado ng lungsod sa mga kolektibong yunit ng pakikipagkasundo ng Lungsod, at tanggalin ang awtoridad ng Konseho na bumoto sa sarili nitong mga pagtaas?"

OO HINDI

Kasalukuyang Sitwasyon:

Alinsunod sa Seksiyon 3-122 ng Nirebisang Karta ng Lungsod, itinatatag ng komisyon sa sahod ("Komisyon") sa pamamagitan ng resolusyon ang mga sahod para sa ilang mga posisyon sa munisipyo, kabilang ang mga sa Konseho ng Lungsod. Ang mga sahod na ito ay dapat na tumutugma sa mga prinsipyo ng "sapat na kabayaran para sa trabahong isinagawa" at "pagpapanatili ng isang makatuwirang kaugnayan sa mga sahod ng ibang mga empleyado ng Lungsod." Maaaring tanggapin o tanggihan ng Konseho ng Lungsod ang anumang bahagi ng resolusyon ng Komisyon, kabilang ang anumang bahagi na may kaugnayan sa sariling mga sahod ng mga Miyembro ng Konseho.

Kung Pumasa ang Panukala:

Ang Karta ay susususgan upang iatas na maglabas ang Komisyon ng isang resolusyon na nagtatatag ng mga sahod para sa mga Miyembro ng Konseho at isang hiwalay na resolusyon na nagtatatag ng mga sahod para sa iba pang mga posisyon.

Kaugnay ng mga sahod ng mga Miyembro ng Konseho, ang anumang pagtaas sa hinaharap ay lilimitahan sa 5% taun-taon at kinakailangan na maging "sapat na katulad" sa average ng pinakahuling taunang pagbabago sa sahod ng iba't ibang yunit ng kolektibong pakikipag-ugnayan ng lungsod. Ang Konseho ng Lungsod ay hindi na magkakaroon ng awtoridad na tanggapin o tanggihan ang resolusyon ng Komisyon na may kaugnayan sa sarili nitong mga sahod.